# STATE OF THE CHILDREN ADDRESS 2024



# Local State of Children Report 2023



Sa ikalawang taon, muling iniulat ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga naisagawang aktibidad at programa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa mga bata at kabataan sa Local State of the Children's Report 2023 noong Nobyembre 20, 2023 sa Imus City Government Center.

Binigyang-diin ni Mayor AA sa kaniyang talumpati ang pagbabakuna sa 4,806 na bata kontra sa anim na vaccine-preventable diseases, ang pagturok ng 72,777 bakuna laban sa COVID-19, at ang pagtimbang sa 19,190 batang edad 0 hanggang 59 na buwan.

Gayundin ang edukasyon ng mga batang Imuseño, kung saan 32,000 estudyante sa mga pampublikong paaralan ang nakatanggap ng school bags at supplies.

Patuloy rin ang pagtatayo ng tatlong bagong pampublikong paaralang elementarya sa mga barangay ng Maharlika, Malagasang First, at Malagasang Second, habang nakalatag naman ang planong magkaroon ng karagdagang 35 day care center sa lungsod.

Sa pamamagitan ng isang audio-visual presentation, inilahad ng Pamahalaang Lungsod ang lahat ng mga napagtagumpayan nito para sa tuloy-tuloy na pagsulong sa kapakanan ng mga bata sa Imus.

Saksi sa naturang pag-uulat sina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Yen Saquilayan — bilang Committee Chair on Social Services, Family, Women, Children, and Elderly — Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Totie Ropeta, Konsehal Wency Lara, Liga ng mga Barangay President David Sapitan Jr., at Sangguniang Kabataan Federation President Chelsea Sarno.



# KARAPATANG SIBIL AT KALAYAAN NG MGA BATANG IMUSEÑO

## 5th Youth Leaders' Summit



Sa temang "AAngat ang Lahat: Youth for the Voiceless, Turning Aspiration into Leadership Initiatives," tinalakay ng mga kabataang Imuseno ang iba't-ibang pamamaraan upang mas lalo pang palakasin at pahalagahan ang boses at partisipasyon ng mga kabataan sa maayos na pamumuno ng pamahalaan.

Nakasentro ang usapan sa pagtutulungan at pagpapatupad ng mga adbokasiya at epektibong pagpapatupad ng community development programs.

Taunang isinasagawa ang Youth Leaders' Summit upang mapalakas pa ang mga katangian ng pagiging isang lider ng mga kabataang Imuseño.

## Educational Film Viewing



Inimbitahan ng Imus City Public Library ang 226 na Grade 5, 6, at 8 students ng Malagasang 3 Elementary School at Imus National High School para sa isang Film Viewing at Library Orientation.

Layunin ng aktibidad na hikayatin ang mga mag-aaral na bumisita sa pampublikong aklatan sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga serbisyo at pasilidad nito.

Layunin din nito na magbigay-aral sa mga bata sa pamamagitan ng makabuluhan at angkop na pelikula para sa kanila.

## Free Registration of Certificate of Live Birth




Sa pagtutulungan ng Imus City Legal Office, Imus City Civil Registrar's Office at ng opisina ni Coun. Atty. Wency Lara, natulungan ang mga batang Imueseño sa pagpaparehistro ng kanilang kapanganakan. Umikot ang programang ito sa iba't-ibang barangay sa Imus.

# PAMPAMILYANG KALIGIRAN AT ALTERNATIBONG PANGANGALAGA NG MGA BATANG IMUSEÑO

## Training for House Parents of Bahay Kalinga/Bahay Pag-asa



Nakatanggap ng specialized training ang mga House Parents at mga Social Workers ng Bahay Kalinga upang bigyan sila ng karagdagang kaalaman tungkol sa tamang pangangalaga sa mga Children in need of Special Protection (CNSP), at Children in Conflict with the Law (CICL).

Nagkaroon ng dalawang batch ng pagtuturo upang mas makapagbigay at masigurong ang alagang kanilang hatid ay makakapagbigay suporta sa mga bata sa pagbalik nito sa komunidad.

## Responsible Parenthood and Family Planning Seminar



Responsible Parenthood at Family Planning Program (RP-FP) ng Imus City Population Office kung saan ang 97 Barangay ng Lungsod ng Imus ay pinuntahan at nagbigay ng makabuluhang diskusyon at tinalakay ang sexual at reproductive health, kasama ang pagbubuntis at family planning.

Ang pangunahing isinusulong ng programang ito ay matulungan ang mag-asawa upang mas maintindihan ang tama at gustong taon, at dami ng anak na nakaayon sa socioeconomic, emosyonal, at silohikal na kapasidad.

## Spiritual Values Formation Activities




Isang inisyatibo ng mga Pastor Imus City Chaplain Office na nagmula sa Church of God at Seventh Day Adventist na mag-ikot hindi lamang sa iba't-ibang opisina ng Pamahalaang Lungsod ng Imus kung hindi pati na rin sa Bahay Kalinga kung saan tinuturuan nito ang mga batang nasa kalinga ng City Social Welfare and Development Office.

Dito tinuturuan nila ang mga bata sa pagbuo ng at pagpapahalaga ng kanilang mga espirituwal na pagkatao.

# MGA HAKBANG SA ESPESYAL NA PROTEKSYON NG MGA BATANG IMUSEÑO

## Think Talk Forum

"Promoting a Safer World for Children Online"

Sa pagdalo ng 250 estudyante mula sa iba't ibang mga paaralan sa Imus, tinalakay nina Ms. Maria Graciela Bucad at Ms. Krizzia Kate Yuzon ang Cybersecurity for Everyone at ang Pause and Think Online.

Sa pamamagitan ng forum na ito, nais ng LCPC na maipaunawa sa mga bata at kabataang Imuseño ang kahalagahan ng maingat at positibong paggamit ng internet.

Layunin ng tema ngayong taon na "Want to talk about it? Making space for conversations about life online" na mabigyan ng sapat na impormasyon ang mga kabataan pagdating sa kanilang data privacy, sa cyberbullying, at sa online harassment.



## National Awareness Week for the Prevention of Child Abuse and Exploitation



Bilang selebrasyon ng National Awareness Week for the Prevention of Child Abuse and Exploitation nagsagawa ang Ospital ng Imus ng isang makabuluhang session upang mas mapaigting , maunawaan, at maitaas ang kamalayan ng kanilang empleyado sa pang-aabuso ng mga bata.

Sa inisyatibong ito, ang mga propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan ay mas magiging handa, may karampatang kaalaman, at kakayahan upang mapangalagaan ang mga kaso ng pang-aabuso upang masigurong mabigyan ng tamang proteksyon ang mga batang Imuseño.

## Earthquake Drill for ECCD Children

Nagsagawa ang Bureau of Fire Protection, Imus City Social Welfare and Development Office, Child Development Workers, Barangay, at Imus City Disaster Risk Reduction Management Office sa 5,200 Day Care Children ng drill upang pataasin ang kamalayan ng mga bata at magulang sa mga hakbang upang masiguro ang kaligtasan nila kung may sakuna mang maranasan ang Lungsod.

Layunin din ng prohramang ito na sanayin ang mga bata na makilahok upang malaman ang mga wastong aksyon sa panahon ng lindol.



# PANGUNAHING KALUSUGAN AT KAPAKANAN NG MGA BATANG IMUSEÑO

## Nanay na Imuseno, Hakab Na! Year 4



Idinaos ang Nanay na Imuseño, Hakab na! Year 4 sa pagtutulungan ng Imus City Health Office – Nutrition Section at ng Local Council for the Protection of Children (LCPC) bilang pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa selebrasyon ng National Breastfeeding Awareness Month 2023.

Ang pagdiriwang ngayong taon ay nakasentro sa pagsulong ng ligtas na pagpapasuso at tamang nutrisyon ng mga lactating mothers.

Tinalakay sa 150 breastfeeding mothers ang mga benepisyo sa kalusugan ng eksklusibong pagsuso sa unang anim na buwan ng mga sanggol.

## Nutri-Chef Cooking Competition 2023



Sa pangunguna ng Local Council for the Protection of Children kasama ang Imus City Social Welfare and Development Office nagsagawa ng programang Nutri-Chef Cooking Competition kung saan ang mga magulang ng day care children ay nakilahok at nagpamalas ng kanilang galing sa pagluluto.

Layunin ng programang ito na maisulong ang paghahanda ng pagkaing masusustansya sa mga bata.

## Imusikapansanan Year 6




Nalinang ang iba't ibang talento ng humigit-kumulang 700 Children with Special Needs sa kanilang pagtatanghal sa ImusiKapansanan Year 6.

Dito, pinatunayan ng mga Imuseñong may kapansanan na hindi hadlang ang kanilang kapansanan upang mahubog nang husto ang kanilang mga angking talento.

Naging espesyal din ang pagdaos nito sa pagdalo ni Senador Risa Hontiveros na binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsuporta sa persons with disabilities (PWDs) tungo sa mas inklusibong lipunan.

# EDUKASYON, PAGLILIBANG, AT MGA GAWAING PANGKULTURA

## Book Character Costume Competition My Favorite Book Character: Dressing Up And Acting Out - Year 3

Muling pinatunayan ng mga kabataang Imuseño ang kanilang talento sa pag-arte at sa pagiging malikhain sa paglahok sa ikatlong taon ng Book Character Costume Competition – My Favorite Book Character: Dressing Up and Acting Out ng Imus City Public Library.

Ang Book Character Costume Competition – My Favorite Book Character: Dressing Up and Acting Out ng Pampublikong Aklatan ng Imus ay taunang ginaganap upang mahikayat ang mga kabataang Imuseñong ipamalas ang kanilang malikhaing pag-iisip, husay sa pagbabasa, at galing sa pagsasadula.








## Provision of Playground Slides

Namahagi ng Playslide sa iba't-ibang Early Childhood Care and Development Centers (ECCDs) ang Local Council for the Protection of Children (LCPC) upang mas mapaganda ang kanilang mga paaralan. Layunin din ng programang ito na malinang ang kakayahan sa pakikipagkaibigan ng mga batang nag-aaral dito, upang mapaunlad ang kanilang pagiging malikhain, mapagpatuloy ang kanilang ehersisyo, at pakikipaghalobilo sa kanilang kamag-aral.

# PANATANG MAKABATA

Ako, si (banggitin ang pangalan), bilang mamamayang Pilipino, ay kinikilala ang kahalagahan ng mga bata sa lipunan.

Dahil dito, ako ay nangangakong isulong, protektahan, igalang, at pangalagaan ang karapatan ng bawat bata sa lahat ng panahon, anuman ang kaniyang kulay, kasarian, lahi, relihiyon, estado sa buhay, may kapansanan man o wala.

Upang matiyak ang kasiyahan ng mga bata, naniniwala akong nararapat na matamasa nila ang mga ito:

- Maisilang at mabigyan ng sapat na pangangailangan upang mabuhay ng maayos;
- Lumago ang kaalaman, kakayahan at talento;
- Maproteksyunan sa anumang pang-aabuso, panganib, at karahasan;
- Makalahok sa mga gawain patungkol sa mga bata; at
- Maipagtatanggol at matutulungan ng pamahalaan anumang oras.

Sa tulong ng Poong Maykapal, ang lahat ng ito ay aking isasapuso at isasagawa dahil ang mga bata ang pag-asa at siyang magpapaunlad sa ating bayan.